

HUWAG IPAGWALANG BAHALA

by:

Shiela M. Rivera

Master Teacher I, Magsaysay Elementary School

Patindi ng patindi ang init na nararanasan dito sa Pilipinas. Ayon sa Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration o PAGASA ay mararanasan natin ang sobrang init na ito hanggang Mayo ng taon. Hindi lingid sa kaalaman ng lahat na marami ang nagkakasakit dahil dito katulad ng mga guro at mag-aaral. Nagkakaubusan na rin ng mga gamot sa mga botika para labanan ang sakit ng ulo, sipon, lagnat at ang bagong sakit na tinatawag na Pertussis.

Ayon sa report ng Department of Health, mula Enero hanggang Marso 2024 ay umabot na ng 568 ang dinapuan ng sakit na Pertussis at 40 dito ay namatay na. Lubhang nakababahala ang balitang ito kaya nararapat na ang bawat isa ay mag-ingat at magkaroon ng sapat na kaalaman upang makaiwas dito.

Ano nga ba ang Pertussis? Saan ito nakukuha at sino ang kadalasang dinadapuan ng sakit na ito? Ang pertussis ay lubhang nakababahala gawa ng mabilisang pagkalat nito dahil sa bacteria na dala ng hangin. Madali itong maipasa kapag umuubo ang isang taong may impeksyon. Sa simula, ang taong may pertussis ay makakaranas muna ng pagbahing, baradong ilong dulot ng sipon at kalaunan ay magiging malubhang ubo. Ito ang nagiging dahilan kaya nahihirapang huminga o nagsusuka ang taong may ganitong karamdaman. Ang pertussis ay tinatawag rin sa ingles na “whooping cough” kung saan maririnig mo ang matinis at ipit na paghinga matapos umubo ang isang tao. Mapapansin na ang ubo nito ay tumatagal ng isa hanggang dalawang linggo na walang pagbabago at tila lumalala pa. Ito ay maaaring matukoy sa pamamagitan ng pag-eksamen ng dugo o uhog na magmumula sa ilong o lalamunan o di kaya naman ay gamit ang chest X-Ray.

Kadalasan na ang tinatamaan ng ganitong uri ng sakit ay ang mga kabataan. Karaniwang binibigyan ng mga doctor ang isang taong may pertussis ng antibiotics upang malabanan ang bacteria na kumapit sa loob ng katawan nito at upang maiwasan ang pagkalat nito sa ibang tao.

Dahil halos kabataan ang dinadapuan ng sakit na ito, kinakailangan na magkaroon ang bawat isa ng sapat na pahinga, pag-inom ng maraming tubig lalo na at tumitindi ang init ngayon at pagsusuot muli ng face masks sa loob ng silid-aralan. Palagi rin isaisip ang paliligo araw-araw at paghuhugas ng kamay. Agad ding kumonsulta sa doctor kung napansin na ang mga sintomas. Huwag ipagwalang bahala ang pertussis dahil nakamamatay rin ito kung mapapabaya.

References:

<https://www.pna.gov.ph/articles/1221651#:~:text=MANILA%20%E2%80%93%20The%20Department%20of%20Health,number%20of%20infections%20at%2058.>

<https://www.telecure.com.ph/post/pertussis-mga-sintomas-gamot-at-pag-iwas>